

mga kadalasang tanong

Habang ang COVID-19 ([coronavirus](#)) ay nangingibabaw sa balita at nakakaapekto sa ating pang-araw-araw na buhay, nais naming tiyakin na ang mga miyembro ng Mag-aaral sa Ibang Bansa ay nananatiling may kamalayan na matulungan kang makita ang kapakipakinabang na impormasyon.

Babalangkasin namin kung ano ang aming nalalaman sa virus na ito, ituturo sa iyo ang mapagkukunan ng mga napapanahong impormasyon at payo, at ipaliliwanag din sa iyo ang mga karaniwang tip sa kalinisan upang makatulong na mabawasan ang panganib ng impeksyon. Ipaliliwanag din namin sa iyo ang mga kadalasang tanong tungkol sa kung ano ang kabilang sa Saklaw ng Kalusugan ng Mag-aaral sa Ibang Bansa o Overseas Student Health Cover (OSHC).

i Narito ang nalalaman namin

Ang COVID-19 ay isang sakit sa respiratoryo na sanhi ng bagong coronavirus. Ang mga Coronavirus ay isang malaking pamilya ng mga virus na maaaring magdulot ng mga sakit, mula sa karaniwang sipon hanggang sa mas malulubhang karamdaman.

Ano-ano ang mga sintomas ng COVID-19?

Ang mga sintomas ay maaaring magkakaiba, mula sa mga sintomas tulad ng trangkaso o pulmonya, at maaaring may kasamang:

- lagnat
- pag-ubo
- pamamaga ng lalamunan
- pagkapagod
- kahirapan sa paghinga

Sino ang nasa panganib?

Ang lahat ay maaaring kapitan ng COVID-19. Kabilang sa mga taong may mas mataas na panganib na magkaroon ng virus ay ang mga taong nanggaling kamakailan sa ibang bansa at ang mga taong malapit na nakihalubilo sa isang tao na kumpirmadong kaso ng COVID-19.

Kabilang sa iba pang mga grupo na may mas mataas na panganib ang:

- mga taong mahina ang sistemang imyuno o immune system (hal. kanser)
- matatanda
- mga taong nasuri na may mga kronikong medikal na kondisyon.
- Mga katutubo at mga Taga-isola ng Kipot ng Torres

Mangyaring sumangguni sa [Kagawaran ng Kalusugan](#) para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pangkat na nasa panganib, at sa [Smarttraveller](#) para sa mga babala sa paglalakbay ng mga taong pupunta sa ibang bansa.

Saan makakakuha ng mga regular na update

Dahil ito ay isang bagong virus, ang impormasyon tungkol sa COVID-19 ay patuloy na ina-update. Nagpapataw ang Pamahalaan ng Australia ng [mga karagdagang paghihigpit](#), at nagpo-post ng mga regular na update at payo sa [website ng Kagawaran ng Kalusugan](#). Nagbibigay din sila ng malinaw na payo kung ano ang gagawin kapag nagpapakita ka ng alinman sa mga sintomas ng COVID-19.

Ang payo na ito ay isinalin ng [SBS](#) sa maraming wika.

Ang mga gumagamit ng Smartphone ay maaaring manatiling napapanahon sa pamamagitan ng [pahina sa Facebook ng Kagawaran ng Kalusugan](#). Maaari mo ring i-download ang opisyal app ng gobyerno na 'Coronavirus Australia' sa [Apple App Store](#) o sa [Google Play](#).

Naglathala rin ang Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan o World Health Organization ng [mga myth buster](#) upang makatulong na alisin ang mga karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa COVID-19.

Anong mga pag-iingat ang maaari mong gawin

Sa mga ganitong pagkakataon, naaangkop ang mga pangunahing simulain sa maayos na kalinisan. Ang mga sumusunod na hakbang ay makakatulong na mabawasan ang panganib ng impeksyon:

- Hugasan palagi ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig.
- Gumamit ng [may alkohol na panghugas sa kamay kung wala kang akses sa sabon at tubig](#).
- Kung maaari, iwasan humawak sa mga bagay sa labas.
- Bawasan ang paghawak sa iyong mukha.
- Umubo at bumahing sa iyong siko.
- Itapon nang maayos ang mga tisyu.
- Iwasan ang malapit na pakikihalubilo sa sinumang may lagnat, o inuubo.

Makipag-ugnayan sa iyong [lokal na konsulado](#) para sa abiso sa paglalakbay at suporta.

Pagdistansiya sa lipunan o Social distancing

Ang isa pang paraan upang maprotektahan ang komunidad ay ang pagdistansiya sa lipunan, na kung saan binabawasan mo ang iyong pakikihalubilo sa ibang tao. Kabilang dito ang:


- pananatili sa tahanan kung masama ang iyong pakiramdam, at iwasan ang malapit na pakikihalubilo sa sinumang masama ang pakiramdam
- pagpapanatili ng layo na 1.5 metro sa pagitan ng ibang tao kung kinakailangan mong lumabas sa publiko
- bawasan ang pisikal na pakikihalubilo, lalo na sa mga taong may mas mataas na panganib gaya ng mga taong nakatatanda at mga taong may umiiral na mga kondisyon sa kalusugan.

Paghiwalay sa sarili

Kung bumalik ka sa Australia galing sa ibang bansa mula hatinggabi ng ika-15 ng Marso 2020, o malapit na nakihalubilo sa isang kumpirmadong kaso ng coronavirus, kakailanganin mong isagawa ang paghihiwalay sa sarili.

Naghanda ang Pamahalaan ng Australia ng ilang [impormasyon](#) patungkol sa kung ano ang ibig sabihin nito at ang payo na dapat mong sundin.

Ano ang dapat gawin kung sa tingin mo ay maaaring mayroon ka ng COVID-19 sa Australia



Linya ng Impormasyon sa Kalusugan Coronavirus

Tumawag sa **1800 020 080** kung naghahanap ka ng impormasyon tungkol sa coronavirus (COVID-19). Tumatakbo ang linya nang 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo.

- Kung kailangan mo ng mga serbisyong pagsasalin at pagbibigay kahulugan, tumawag sa **131 450**.

Suporta ng Medibank

Kung hindi ka sigurado kung ano ang gagawin, may anumang mga katanungan tungkol sa iyong nararamdaman, o nais makipag-usap sa isang tao tungkol sa kalusugan ng iyong kaisipan sa panahong ito na mapanghamon, tawagan ang 24/7 na Linya ng Kalusugan ng Mag-aaral at Suporta sa:

- **1800 887 283** kung ikaw ay miyembro ng Medibank OSHC, o
- **1800 006 745** kung ikaw ay miyembro ng ahm OSHC.

Maaari kaming maghanda ng tagasalin kung iyong kailangan. Mangyaring tiyakin na ang paghingi ng medikal na tulong o payo kung masama ang iyong pakiramdam ay hindi makakaapekto sa katayuan ng iyong visa, o sa iyong Medibank o ahm OSHC, kahit na nangyari ito sa unang 14 na araw ng paghiwalay sa sarili nang dumating ka.

Bagaman inaasahan namin na nakatutulong sa iyo ang impormasyong ito, pakitandaan na ito ay likas na pangkalahatan. Hindi ito payo sa kalusugan at hindi nakalaan upang matugunan ang iyong indibidwal na mga pangangailangan sa kalusugan. Dapat kang palaging kumonsulta sa pinagkakatiwalaan propesyonal sa kalusugan bago magpasya tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Bagaman maingat naming inihanda ang impormasyong ito, hindi namin maigagarantiya na ito ay tumpak, kumpleto o napapanahon. At bagaman maaaring mabanggit namin ang mga kalakal o serbisyong ibinigay ng iba, hindi namin sila partikular na iniendorso at hindi maaako ang responsibilidad para sa kanila. Dahil sa mga kadahilanang ito, hindi namin maaako ang responsibilidad para sa anumang kalugihan na maaaring magmula sa pagkilos sa impormasyong ito (napapailalim sa naaangkop na mga garantiya sa consumer).

? Paano ako matutulungan ng aking OSHC?

Kung makatanggap ka ng bill para sa medikal na paggamot, makakatulong ang iyong Medibank o ahm OSHC (sasailalim sa mga panahon ng paghihintay) sa pamamagitan ng pagbabayad sa:

Pagsusuri sa COVID-19	85% ng bayad sa MBS (Iskedyul ng mga Medikal na Benepisyong Medicare Benefits Schedule) para sa halaga ng pagsusuri sa patolohiya para sa COVID-19.
Konsultasyon sa GP	100% ng bayad sa MBS para sa halaga ng propesyonal na pag-aasikaso (harapang konsultasyon) ng isang GP.
Pagdalo sa Telehealth (COVID-19)	85% ng bayad sa MBS para sa halaga ng telehealth na konsultasyon sa GP.
Karapat-dapat na Reseta sa mga Gamot	Para sa karapat-dapat na mga gamot na inireseta sa iyo ng isang doktor, paunang babayaran ng iyong OSHC ang halaga para sa kabuuang mas mataas sa kontribusyon ng miyembro*.
Saklaw ng Ambulansya	Kung kinakailangan ang agarang atensiyon ng propesyonal at ang iyong medikal na kondisyon ay hindi maaaring ibiyahin sa anumang iba pang paraan, paunang babayaran ng iyong OSHC ang halaga ng emergency na ambulansiya para ihatid sa ospital. Kung mayroon kang Medibank OSHC, sa gayon pauna rin naming babayaran ang karapat-dapat na pagtawag sa emergency na ambulansiya kung hindi kinakailangan ang paghahatid.
Akomodasyon sa Ospital	Ang halaga ng magdamag at parehong araw na akomodasyon sa isang pinaghahatian o pribadong silid, sa isang pribado o pampublikong ospital.
Mga Serbisyo sa Ospital	Para sa anumang mga serbisyo ng espesyalista, tulad ng mga serbisyo sa patolohiya (mga pagsusuri sa dugo), o mga pamamaraan na ibinigay habang ipinapasok sa ospital, babayaran namin ang 100% ng bayarin sa MBS para sa mga kasamang serbisyo.
Mga serbisyo sa departamento ng outpatient sa pampublikong ospital	Kung pumunta ka sa isang pampublikong ospital bilang isang Outpatient, babayaran namin ang 100% na halaga ng medikal at mga serbisyo pagkatapos ng operasyon ng Outpatient na ibinigay ng medikal na manggagamot na siningil nang walang numero ng aytem ng MBS.
Mga Bayarin sa Aksidente o Departamento ng Emergency	100% ng anumang 'bayarin sa pasilidad' na siningil ng ospital (pampubliko o pribado) para sa pag-aasikaso sa kanilang departamento ng aksidente at emergency.

Ang mga benepisyong ito ay katumbas ng mga benepisyong Medicare na magagamit ng mga residente ng Australia.

*Mangyaring sumangguni sa Buod ng Saklaw ng iyong OSHC o makipag-ugnay sa amin sa **134 148** para sa higit na impormasyon.

Mangyaring tandaan na hindi tinakdaan ang mga GP at provider na singilin lamang ang mga benepisyong nasa itaas at maaaring magpasya na maningil nang higit para sa partikular na serbisyo. Kung mangyari ito, maaari kang magkaroon ng bukod na gastos at kakailanganin mong bayaran ang kulang sa benepisyong aming babayaran at ang siningil ng provider.

Paano kung sumailalim ka na sa pagsusuri sa COVID-19?

Kung sumailalim ka na sa pagsusuri sa COVID-19 bago inilabas ng gobyerno ng Australia ang bagong numero ng aytem ng MBS para sa pagsusuri sa COVID-19, maaaring nag-isyu ang iyong GP ng invoice na may ibang numero ng aytem ng MBS. Kailangan mong isumite ang iyong paghahabol sa Medibank o ahm kasama ang numero ng item ng MBS sa iyong invoice gaya ng dati.

Nalalapat ba ang panahon ng paghihintay sa aking OSHC?

Mahalagang tandaan na ang karaniwang 12 buwan na panahon ng paghihintay ay nalalapat para sa paggamot ng isang umiiral na kondisyon o pre-existing condition (PEC).

Nangangahulugan ito na ang mga benepisyo ay hindi babayaran para sa anumang mga admisyon na may kaugnayan sa isang umiiral na kondisyon sa loob ng unang 12 buwan ng pagsisimula o pagpapalit ng saklaw.

Ang 12 buwan na panahon ng paghihintay sa PEC ay babalewalain kung ang paggamot ay itinuring na 'emergency na paggamot' ng medikal na tagapayo ng Medibank/ahm.

Ang Emergency na Paggamot ay nangangahulugang paggamot ng alinman sa mga sumusunod:

- Panganib ng malubhang kalagayan o pagkamatay at nangangailangan ng kagyat na pagtatasa at resuscitation
- Pinaghihinalaang talamak na pagpalya ng organo o sistema
- Isang karamdaman o pinsala kung saan ang kakayahan ng paggana ng bahagi ng katawan o organo ay talamak na banta
- Labis na dosis sa droga, nakalalasong substansiya o epekto ng lason
- Kaligaligan sa saykayatriko kung saan ang kalusugan ng pasyente o ng ibang tao ay pangunahing nasa panganib
- Matinding kirot kung saan ang kakayahan ng paggana ng bahagi ng katawan o organo ay pinaghihinalaang talamak na banta
- Talamak na pagdurugo na nangangailangan ng kagyat na pagtatasa at paggamot, o
- Kondisyon na kinakailangan ang agarang admisyon upang maiwasan ang napipintong malubhang sakit kalagayan o pagkamatay.

Ano ang PEC?

Ang karamdaman, sakit o kondisyon na, sa opinyon ng isang medikal na manggagamot na itinalaga ng Medibank o ahm, ang mga palatandaan o sintomas na umiral anumang oras sa loob ng anim na buwan na magtatapos sa araw na ikaw ay nakaseguro sa ilalim ng pagiging miyembro o binagong saklaw.

Hindi sigurado kung ang saklaw ay tama para sa iyo?

Kung nais mong i-upgrade ang iyong saklaw, mangyaring makipag-ugnay sa pangkat ng Serbisyo ng OSHC sa **134 148**.